

## ANG KAHALAGAHAN NG MALIKHAING PAG-IISIP SA SENIOR HIGH SCHOOL

by:

**Jocelyn P. dela Peña**

*Teacher III, Pablo Roman National High School*

Ang malikhaing pag-iisip ay isang kasanayang mahalaga para sa mga mag-aaral sa senior high. Ito ay hindi lamang nasasaklaw ng mga asignaturang sining kundi isang proseso na maaaring gamitin sa iba't ibang larangan ng pag-aaral. Sa pamamagitan ng malikhaing pag-iisip, ang mag-aaral ay nagagawa ng mga bagong ideya, natutuklasan ang mga di-typical na solusyon sa mga suliranin, at nagiging mapanuri at analitikal sa pag-iisip. Ayon kay Runco (2014), ang kakayahang ito ay nagbibigay daan sa mas malalim na pag-unawa sa mga konsepto at mas epektibong pag-alala ng impormasyon. Sa pagsusulat ng sanaysay, ang malikhaing pag-iisip ay nagbibigay ng masusing pundasyon para sa isang magandang akda na may kalaliman.

Sa halip na basta-basta na pagsasalin ng nabasa, ang mag-aaral na gumagamit ng malikhaing pag-iisip ay nag-oorganisa ng mga ideya sa isang lalim at orihinal na paraan. Siya ay kayang ipagsama ang iba't ibang pananaw, magbigay ng bagong interpretasyon sa mga datos, at lumikha ng isang sanaysay na kapansin-pansin at kahanga-hanga sa mga mambabasa. Ang paggamit ng mga talinghaga, pagtutulad, at iba pang elemento ng pampanitikan ay nagpapahusay din sa kalidad ng sanaysay. Ayon kay Sternberg (2003), ang proseso ng malikhaing pag-iisip ay hindi lamang nakatuon sa paggawa ng bago kundi pati na rin sa pagpapahalaga at pagbuo ng mga ideya na makabuluhan at may halaga.

Ang pagpapaunlad ng malikhaing pag-iisip ay nangangailangan ng pagtitiyaga at pagsasanay. Ang mag-aaral ay maaaring magsimula sa pagbabasa ng iba't ibang uri ng literatura, pagsali sa mga talakayan, at pagpapalalim ng kanyang kakayahan sa

pagsusuri. Ang pagsusulat ng journal, pagkuha ng brainstorming, at paggamit ng mind mapping ay ilan lamang sa mga paraan na makatutulong sa pagpapaunlad ng abilidad na ito. Ang pagiging bukas sa bagong ideya at ang pagiging handa sa pagsubok ay mahalaga rin sa proseso. Sa kalaunan, ang malikhaing pag-iisip ay isang kapaki-pakinabang na kasanayan para sa tagumpay ng isang mag-aaral sa senior high, lalo na sa larangan ng pagsusulat ng sanaysay.

Sa pamamagitan ng pagsanay sa kasanayang ito, ang mag-aaral ay hindi lamang magtatagumpay sa paglikha ng mga magaganda at makabuluhang akda, kundi magiging isang mapanuring, kritikal, at analitikal na indibidwal. Ang kasanayang ito ay magagamit niya hindi lamang sa kanyang pananatili sa paaralan kundi maging sa hinaharap. Ang paglinang ng malikhaing pag-iisip ay hindi lamang isang akademikong pangangailangan; ito ay isang mahalagang bahagi ng paghubog ng isang responsableng mamamayan.

## References:

Runco, M. A. (2014). Creativity. *Annual Review of Psychology*, 65, 677-702.

- Sternberg, R. J. (2003). The nature of creativity. *Creativity Research Journal*, 15(1), 83-88.